### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Múnera** tibi, Dómine, nostræ devotiónis offérimus : quæ et pro cunctórum tibi grata sint honóre justórum, et nobis salutária, te miseránte, reddántur. Per Dóminum.

**Iniaalay** namin sa iyo, O Panginoon, itong aming paglilingkod: nawa'y maging kalugod-lugod ito sa Iyo bilang pagpaparangal namin sa Iyong mga Banal; at sa iyong awa't habag ay akayin kami tungo sa ganap na kaligtasan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

▪ *Prepasyo sa Araw-araw o ang Prepasyo Para sa Lahat ng Mga Banal at Pintakasi*

### Antipona sa Komunyon • *Mt 5:8-10*

**Beáti** mundo corde, quóniam ipsi Deum vidébunt : beáti pacífici, quóniam fílii Dei vocabúntur : beáti qui persecutiónem patiúntur propter justítiam, quóniam ipsórum est regnum cælórum.

**Mapapalad** ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos. Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos. Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat kanila ang kaharian ng Langit.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Da** quaésumus, Dómine, fidélibus pópulis ómnium Sanctórum semper veneratióne lætári : et eórum perpétua supplicatióne muníri. Per Dóminum.

**Ipagkaloob** Mo nawa sa iyong bayan, O Panginoon, na palagian silang magdiwang at magalak sa kanilang pagpaparangal sa lahat ng mga Banal; nawa'y palagian din silang ipagsanggalang sa pamamagitan ng walang patid nilang pagdalangin para sa kanilang kapakanan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*






# DAKILANG KAPISTAHAN NG LAHAT NG MGA BANAL

*Misa "Gaudeamus"*
*I cl • Doble I cl • Puti*

*Ngayong araw ay ipinagdiriwang natin ang lahat ng mga Banal, batid natin o hindi, yamang sila'y 'di mabilang sa inang Jerusalem natin. Sila ay laging nananalangin at tumutulong sa atin. Ipinakikiusap nila sa Kordero ang lahat nating nilulunggati. Huwag tayong mag-alinlangan sa katotohanan ng Pananampalatayang ito.*

### Pambungad na Antipona

**Gaudeamus** omnes in Dómino, diem festum celebrántes sub honóre Sanctórum ómnium, de cuius solemnitáte gaudent Angeli et colláudant Fílium Dei. — *Ps 32:1* Exsultáte, justi, in Dómino : rectos decet collaudátio. *V.* Gloria Patri. Gaudeamus.

**Magsaya** tayong lahat sa Panginoon, sa pagdiriwang ng kapistahan ng lahat ng mga Banal! Magalak tayong kasama ng mga anghel at ipagbunyi ang kapurihan ng Anak ng Dios. — *Salmo 32:1* Kayong mga Banal, magalak kayo sa Poon: marapat ang papuri sa Kaniya buhat sa mga matuwid ang puso. *V.* Luwalhati sa Ama. — Magsaya...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

| | |
|---|---|
| **Omnípotens,** sempitérne Deus, qui nos ómnium Sanctórum tuórum mérita sub una tribuísti celebritáte venerári : quaésumus; ut desiderátam nobis tum propitiatiónis abundántiam, multiplicátis intercessóribus, largiáris. Per Dóminum. | **O Dios** na makapangyarihan at walang hanggan, pinakusa Mong maipagdiwang namin sa iisang dakilang kapistahan ang kagalingan ng lahat ng mga Banal: hinihiling namin na pakundangan sa napakaraming dumadalangin, ay paapawin mo sa amin ang kinasasabikang batis ng iyong awa't habag. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin... |

*Sa buong Octava ng Kapistahang ito, idaragdag ang ika-2 panalangin,* "Parangal sa Espiritu Santo," *at ika-3 panalangin,* "Para sa Mga Kaaway ng Simbahan" *o* "Para sa Santo Papa."

### Pagbasa • *Ap 7:2-12*

Pagbasa mula sa Aklat ng Pahayag ni Apostol San Juan.

**Noong mga araw na yaon:** Nakita kong umaakyat sa gawing silangan ang isa pang anghel, taglay ang pantatak ng Dios na buháy. Sumigaw siya sa apat na anghel na binigyan ng kapangyarihang maminsala sa lupa at sa dagat, "Huwag muna ninyong pinsalain ang lupa, ang dagat o ang mga punongkahoy hangga't hindi pa namin nalalagyan ng tatak sa noo ang mga lingkod ng ating Dios." At narinig ko ang bilang ng mga tinatakan, isandaan at apatnapu't apat na libo buhat sa labindalawang lipi ng Israel. Tig-labindalawang libo mula sa bawat lipi ng Israel: Juda, Ruben, Gad, Asher, Neftali, Manases, Simeon, Levi, Isacar, Zebulun, Jose, at Benjamin. Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. Isinisigaw nila, "Ang kaligtasan ay nagmumula sa ating Dios na nakaluklok sa trono, at sa Kordero!" Tumayo ang lahat ng anghel sa palibot ng trono, ng matatandang pinuno, at ng apat na nilalang na buháy. Sila'y nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Dios na nagsasabi, "Amen! Sa ating Dios ang papuri, kaluwalhatian, karunungan, pasasalamat, karangalan, kapangyarihan, at kalakasan magpakailanman! Amen."— *R.* **Salamat sa Dios.**

### Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 33:10, 11; Mt 11:28*

| | |
|---|---|
| **Timéte** Dóminum, omnes sancti ejus : quóniam nihil deest timéntibus eum. | **Katakutan** ninyo ang Poon, kayong lahat na mga Banal: wala Siyang ninanais kundi katakutan at mahalin Siya. |
| *V.* Inquiréntes autem Dóminum, non defícient omni bono. | *V.* Sinumang naghahanap sa Poon ay hindi pagkakaitan ng tanang kabutihan. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Venite ad me, omnes qui laborátis, et oneráti estis : et ego refíciam vos. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Lahat kayong mga napapagal, halikayo't pagpapahingahin ko. Lahat kayong mga may mabigat na pasanin, halikayo't pagiginhawain ko kayo. **Aleluya.** |

### Ebanghelyo • *Lc 1:26-38*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**Noong panahong iyon:** Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, umakyat siya sa bundok at naupo roon. Lumapit sa kanya ang mga tagasunod niya, at nagsimula siyang mangaral. Sinabi niya, "Mapapalad ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad ang mga nahahapis, sapagkat sila ay aaliwin. Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa. Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin. Mapapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila'y kahahabagan. Mapapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos. Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos. Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad kayo kapag kayo ay nilalait, inuusig, at pinagsasabihan ng sari-saring kasamaan na pawang kasinungalingan dahil sa akin. Magalak kayo at magsaya, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propeta na nauna sa inyo."— *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

- *May* Credo *o* Sumasampalataya.

### Antipona sa Pag-aalay • *Kar 3:1-3*

| | |
|---|---|
| **Justórum** ánimæ in manu Dei sunt, et non tanget illos torméntum malítiæ visi sunt óculis insipiéntium mori : illi autem sunt in pace. | **Ang kaluluwa** ng mga matuwid na tao ay nasa kamay ng Dios: hindi sila kailanman maliligalig ng kasamaan: inakala ng mga hangal na walang saysay ang kanilang kamatayan, subalit ang mga matuwid na ito'y nahihimlay na sa kapayapaan. |